

Advisory Blg. 181, s. 2022  
November 17, 2022

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal, at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan. (Bisitahin ang [deped.im/ro8issuances](http://deped.im/ro8issuances))

**PAGSIPAT AT PAGTALAKAY SA MGA BATAYANG KAALAMAN SA PAGKATUTO NG WIKA SALENTE NG GURONG GEN Z**

Ang mga mag-aaral ng Gradwadong Paaralan ng Ateneo de Naga University na kumukuha ng Master of Arts in Education, Major in Filipino ay magsasagawa ng libreng Webinar na may pamagat na #BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z sa ika-3 ng Disyembre 2022, 7:30 n.u.- 12:30 n.t.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na tuntunin.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Dahil sa ito ay isa lamang advisory, ang lahat na Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay nga karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-DGA  
DepEd RO8 ATA-F21 (CY2018-v03-r00)





**PAMANTASAN NG ATENEO DE NAGA**  
Paaralang Gradwado

10 Nobyembre 2022

**Kgg. EVELYN R. PETALVERO**  
Direktor  
Kagawaran ng Edukasyon  
Rehiyon VIII

Direktor Fetalvero:

Isang mapagpalang araw po!

Higit na umuunlad ang sinumang ipinagpapatuloy ang pagtuklas at pagdalumat sa iba't ibang konsepto sa larang na kaniyang tinatahak lalo na sa Gradwadong Paaralan. Ang mga mag-aaral ng Gradwadong Paaralan ng **Ateneo de Naga University** na kumukuha ng **Master of Arts in Education, Major in Filipino** ay magsasagawa ng **LIBRENG** Rehiyonal na Webinar na may pamagat na **#BacktoBasic: Pagsipat at Pagtalakay sa mga Batayang Kaalaman sa Pagkatuto ng Wika sa Lente ng Gurong Gen Z** at may temang **Teorya at Praktika sa mga Pagtamo at Pagkatuto ng Wika** sa ika-3 ng Disyembre 2022, 7:30 n.u.-12:30 n.t. Bukas ito sa lahat ng mga mag-aaral at guro sa lahat ng antas na nag-aaral at nagtuturo ng/sa asignaturang Filipino.

Layunin ng rehiyonal na webinar ang sumusunod: (1) nakakalatag ng mga simulaing pangkaisipan, pandamdamin, at pampagkikilos sa mga teoryang pangwika at pagkatuto ng wika; (2) nakakapagpakitang-turo ang mga ispiker ng makabuluhang mga teorya at praktika sa pagtuturo ng wika; (3) nakakalahok nang aktibo ang awdyens sa webinar sa pamamagitan ng bukas at malayang talakayan; (4) naipo-promote ang programang *Master of Education major in Filipino* ng Pamantasang Ateneo de Naga sa madla; at (5) nakakabuo ng matatag na samahan ang kasalukuyang medyor sa Filipino sa antas-Masterado ng Ateneo.


Kaugnay po nito, magalang at malugod naming hinihingi ang inyong pahintulot at **endorsement** na isagawa ang nasabing programa. Kalakip po nito ang tuntunin at mekaniks ng nasabing programa.


Inaasahan po namin ang positibong tugon sa liham na ito sa patuloy na paglinang at pagpapabuti ng kaalaman lalo na sa asignaturang Filipino. Para sa mga tanong at paglilinaw sa nasabing programa ay maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09093798485** o sa *email address* na **mikejalata@gmail.com**.

Hangad po namin ang inyong positibong tugon.


Maraming salamat po!

Lubos na gumagalang,

  
**NICHOLSON M. NIDEA**  
Mag-aaral sa EDFIL 201

  
**MARK FRANCIS B. PERALTA**  
Mag-aaral sa EDFIL 201

Nabatid ni:

  
**VASIL A. VICTORIA, PhD**  
Guro sa EDFIL 201

DEPARTMENT OF EDUCATION  
**RECEIVED**  
REGIONAL OFFICE NO. VIII  
NOV 11 2022 7:38  
BY: \_\_\_\_\_ TIME: 3:08  
OFFICE OF THE DIRECTOR IV  
Date and Time Received: 11/11/22 1:42 Signature: [Signature]  
Date and Time Released: 11/11/22 3:30 Signature: [Signature]

OKD email  
11/11/22